



OPISINA NI MARK CHURCH

## PUNONG OPISYAL NG HALALAN AT TAGATASA-KLERK- TAGATALA NG COUNTY

DIBISYON NG PAGPAPAREHISTRO AT MGA HALALAN



### County ng San Mateo Remote Accessible Vote by Mail System

Isang serbisyo para sa mga botanteng may mga kapansanan para sa Nobyembre 8, 2022 Pambuong Estado na Pangkalahatang Halalan



#### Ano

Makakaboto nang pribado at independiyente ang mga botanteng may mga kapansanan sa pamamagitan ng pag-access at pagmarka sa isang balotang nasa screen-readable na format mula sa anumang computer. Ang mga balota ay dapat na i-print at ibalik sa Dibisyon ng Pagpaparehistro at mga Halalan. Hindi maaaring i-email o i-fax ang mga minarkahang balota.



#### Kailan

I-access ang serbisyo anumang oras, sa araw o gabi, mula Oktubre 10, 2022 hanggang 8 p.m. sa Araw ng Halalan Nobyembre 8, 2022.



#### Paano

- Pumunta online sa [www.smcacre.org/my-election-info](http://www.smcacre.org/my-election-info) at ilagay ang inyong impormasyon upang makakita ng link sa inyong balota; o
- Mag-email sa amin sa [registrar@smcacre.org](mailto:registrar@smcacre.org) o tumawag sa 650.312.5222 upang ma-email sa inyo ang link sa inyong balota.

#### Magagawa ng mga botanteng may mga kapansanan na:

- Bumoto sa anumang computer na may access sa internet at printer.
- Humiling ng serbisyo sa Accessible na Pagboto sa Bahay kung hindi nila magagamit ang Remote Accessible Vote by Mail System.
- Mag-email sa [registrar@smcacre.org](mailto:registrar@smcacre.org) o tumawag sa 650.312.5222 para sa tulong sa Remote Accessible Vote by Mail System o magpa-appointment para sa Serbisyo sa Accessible na Pagboto sa Bahay.